## Ang Epekto ng Tuberculosis

***Buong Mundo***

Ang Tuberculosis (TB) ay patuloy na nagiging malaking suliranin pangkalusugan ng sandaigdigan. Itinatasa ng Organisasyong Pangkalusugan ng Sandaigdigan o World Health Organization (WHO) na ang ikatlong bilang ng populasyon ng sandaigdigan ay nahawaan ng TB. Mayroon ring 9.2 milyon na mga bagong kasong napag-alaman na mayroong nakahahawang TB at nagiging sanhi ng mga mahigit na 1.5 milyong kamatayan sa bawa't taon.

***Buong Bansa***

Sa nakaraang dalawang dekada, bumaba ang naitalang bilang ng mga kaso ng aktibong TB sa Canada. Gayunpaman noong 2004, mayroon pa ring 1,613 na naitalang mga aktibong kaso sa Canada.

***Buong Bayan***

Sa pangkaraniwan, ang Middlesex-London ay mayroong 10 mga bagong kaso ng aktibong TB sa bawa't taon. Ang TB na lumalaban sa gamot ay napagkilanlan rin sa ating lugar.

## Ano ang TB?

Ang baktiryang Mycobacterium tuberculosis ay nagiging sanhi ng TB. Kadalasan itong nakakaapekto sa mga baga, ngunit maaari ring makahawa sa iba pang mga bahagi ng katawan.

## Paano kumakalat ang TB?

Kumakalat ang TB sa pamamagitan ng hangin kung umuubo, bumabahing, o nagsasalita ang isang taong may nakahahawang TB at nasinghot naman ng isang tao ang baktirya sa kaniyang mga baga.

**Sa pangkalahatan, mahahawaan ang isang tao kung madalas at matagalan ang kontak nito sa isang taong nakahahawa.**

## Ano ang hindi aktibong TB?

Ang pagsinghot ng baktirya ng TB ay hindi madalas nakapagbibigay ng sakit sa isang tao dahil ang immune system ng katawan ay kayang kontrolin ang impeksyon. Mananatiling buhay ang baktirya sa katawan ngunit hindi ito aktibo. Ito ay kilala bilang hindi aktibong TB na siyang tinatawag ring TB infection o latent TB. Walang sakit ang mga taong mayroon nito at hindi rin makahahawa ng TB sa iba.

## Ano ang aktibong TB?

Kung ang immune system ng isang tao ay hindi mapipigilan ang paglago ng baktiryang TB, ito ay magiging aktibong TB.

Kasama sa mga sintomas nito ang:

- pag-ubo
- pag-ubo ng mayroong dugo o plema
- lagnat
- mga pagpapawis sa gabi
- pagbabawas ng timbang
- pagiging hapo

Ang aktibong TB ay ikinukonsiderang nakahahawa kung nakakaapekto ito sa mga baga o lagusang hininga. Ang TB ay maaari ring hindi makahahawa kung nahawaan na nito ang ibang mga bahagi ng katawan.

## Maaari bang magprogreso ang isang hindi aktibong TB at maging isang aktibong sakit na TB?

Oo, ang mga taong mayroong hindi aktibong TB ay maaaring magkaroon ng aktibong TB kung ang kanilang immune system ay hindi mapipigilan ang paglago ng baktirya. Mayroong humigi't kumulang na 5% na peligro sa pagkakaroon ng aktibong TB sa loob ng unang 2 mga taon ng pagkakahawa. Pagkatapos nito, mayroon 5% na pagkakataong magkaroon ng aktibong TB sa buong buhay ng isang tao.

## Sino ang maaaring magprogreso sa pagkakaroon ng aktibong sakit?

Ang sumusunod na mga tao ang maaaring magkaroon ng aktibong TB: ang mga nakababata o ang mga matatanda, ang mga taong nakararanas ng higit na stress at ang mga taong mahihina ang immune system kaugnay sa iba't-ibang uri ng kanilang mga kondisyong medikal.

**Ang mga kasong aktibong TB ay iniimbestigahang mabuti ng pangkalusugang yunit. Ang mga indibidwal na higit na naharap dito ay hinihikayat na kumuha ng pagsururi sa balat para sa TB.**

## Ano ang pagsusuri sa balat para sa TB?

Ito ay isang kaunting dami ng likido, protinang tuberculin na ituturok sa ilalim ng iyong balat o sa iyong bisig. Matapos ang dalawa or tatlong araw, kailangan mong bumalik upang matingnan ang iyong braso kung mayroong reaksyon at kung mayroon man, ito ay susukatin. Mayroong tamang sukat ng reaksyon ang maaaring ikonsiderang positibo sa TB.

## Ano ang ibig sabihin ng isang positibong pagsusuri sa balat?

Kadalasan ang ibig sabihin ng isang positibong reaksyon ay nahawaan ka ng baktirya ng TB sa anumang panahon ng iyong buhay. Magsasagawa ng mga karagdagang pagsusuri ang iyong doktor katulad ng isang x-ray at mga halimbawa ng plema, upang siguraduhin na wala kang aktibong TB. Ang parehong hindi aktibo at aktibong TB ay maaaring maging sanhi ng isang positibong reaksyon.

**Ang TB ay maiiwasan, magagamot at gumagaling.**

## Panggagamot

Karamihan sa mga kaso, ang mga antibiotic na makukuha ay makagagamot sa aktibong TB at maiiwasan ang paglago pa nito. Ang mga gamot na pangkaraniwang ginagamit sa pagsugpo ng TB ay Isoniazid (INH), Pyrazinamide (PZA), Rifampin at ang Ethambutol. Kung mayroon kang hindi aktibong TB, maaaring irekomenda ng iyong doktor ang medikasyon na tinatawag na prophylaxis, para sa 9 hanggang 12 na mga buwan na sadyang makapagpapababa ng posibilidad sa hindi aktibong TB na maging ganap na aktibong TB.

**Ang lahat ng mga medikasyon para sa TB ay libre sa Ontario. Maaaring makahingi ang iyong doktor ng mga medikasyong ito mula sa Pangkalusugang Yunit.**

## Ang HIV at TB ay parehong nakahahawa

Ang isang birus na HIV ay nakapagpapahina ng immune system at nagiging sanhi ng kahirapan sa pagsugpo ng TB infection. Sa buong mundo, Ang TB ay ang nangungunang sanhi ng kamatayan ng mga taong nabubuhay na mayroong HIV. Samakatwid, ang mga taong may TB at HIV ay kailangang turuan tungkol sa mga sakit na ito at nararapat na gamutin kaagad.

## TB na lumalaban sa gamot

Ang TB na lumalaban sa gamot ay hindi kadalasang tumutugon sa mga pangkaraniwang panggagamot. Kung ang isang tao ay hindi naggagamot nang tama, ang baktirya ng TB ay maaaring labanan ang gamot. At pagkatapos, maaaring maikalat ng taong ito ang TB na lumalaban sa gamot sa ibang tao. Mayroong iba't-ibang mga antas ng TB na lumalaban sa gamot ang natagpuan sa buong mundo. Ang iba rito ay napakahirap gamutin. Samakatwid, sadyang napakahalaga ang sumunod sa iniresetang panggagamot.

MIDDLESEX-LONDON HEALTH UNIT

**Para sa mga karagdagang impormasyon:**

**Pangkat sa Pagkontrol ng Nakahahawang Sakit**
**(The Infectious Disease Control Team)**
**Pangkalusugang Yunit ng Middlesex-London**
**(Middlesec-London Health Unit)**
**519-663-5317 ekstensyon 2330.**

## Mga Malalapitan

Samahan sa Pagpigil ng TB
(Stop TB Partnership)
**www.stoptb.org**
Organisasyong Pangkalusugan ng Sandaigdigan
(World Health Organization)
**www.who.int/en/**
Ahensya para sa Pampublikong Kalusugan ng Canada
(Public Health Agency of Canada)
**www.publichealth.gc.ca**
Samahan para sa Baga ng Canadian
(Canadian Lung Association)
**www.lung.ca**
Komite para sa AIDS ng London
(AIDS Committee of London)
**www.aidslondon.com**

Pangkalusugang Yunit ng Middlesex-London
50 King St., London, ON N6A 5L7
tel: (519) 663 – 5317 • fax: (519) 663 - 9581
health@mlhu.on.ca


Tanggapan ng Strathroy – Kenwick Mall
51 Front St. E., Strathroy ON N7G 1Y5
tel: (519) 245 - 3230 • fax: (519) 245 - 4772

Isang Kinikilalang Pagtuturo sa Pangkalusugang Yunit

MIDDLESEX-LONDON HEALTH UNIT

# Tuberculosis

## Hindi Lamang Sakit ng Nakaraan



## Ang mga Katotohanan

Tagalog

**www.healthunit.com**